



Ipinag-uutos na pagsusuot ng mask sa mga outdoor skating rink ng Brampton, simula Enero 27

BRAMPTON, ON (Enero 27, 2021) – Sa Enero 27, magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mosyon na ipatupad ang mandatoryong pagsusuot ng mask sa outdoor skating rink ng Brampton, simula sa araw na ito, Enero 27.

Ipinag-uutos na ngayon ang pagsusuot ng hindi medikal na mga mask o pantakip ng mukha sa yelo sa lahat ng walong outdoor rink ng Lungsod para sa lahat ng kalahok na higit sa sampung taon ang edad.

Ang mga kalahok sa lahat ng edad ay patuloy na inuutusang magsuot ng hindi medikal na mask o pantakip ng mukha sa lahat ng iba pang kasama sa outdoor skating. Kabilang dito ang habang naghihintay sa pila, sa mga banyo, sa mga staging area at iba pang pangkaraniwang mga lugar.

Ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay ang pangunahing prayoridad ng Lungsod, lalo na sa panahon ng COVID-19. Para sa mga lokasyon ng rink, estado, impormasyon sa booking at mas marami pa, pakibisita sa www.brampton.ca/outdoorskating.

Mga Reserbasyon

Simula sa Linggo, Enero 24, ang outdoor skating ay pwede lamang mareserba 24 oras ang aga sa piniling oras. Para sa mga reserbasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/outdoorskating o tumawag sa 905.791.2240.

Dahil sa malaking pangangailangan at limitadong kapasidad, pinapayagan ang mga residente ng isang reserbasyon sa outdoor skating bawat araw. Ito ay upang matiyak ang pantay na access sa outdoor skating para sa buong komunidad.

Mga Pagkansela

Pakikansela ang anumang mga reserbasyon na hindi na ninyo kailangan para matiyak na ang ibang mga residente ay magkakaroon ng pagkakataon na mag-book ng oras. Para kanselahin ang inyong reserbasyon, tumawag sa 905.791.2240 o mag-email sa reconnects@brampton.ca.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca